Mapagkukunan ng impormasyon para sa mga manggagawa ng international agri-food

Alamin ang mga mapagkukunan impormasyon para sa mga internasyonal na manggagawa sa agri-food, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga programa, iyong mga karapatan, kaligtasan at higit pa.

1. Bago ka pumunta sa Ontario
2. Pagdating mo sa Ontario
3. Ang iyong mga karapatan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
4. Pag-access sa health care
5. Pag-aadjust sa buhay sa Ontario
6. Paghahanap ng suporta
7. Bago ka umalis sa Ontario

Paghahanap ng suporta

Mga tanggapan ng konsulado

Ang iyong bansang pinagmulan ay maaaring magpatakbo ng isang tanggapan ng konsulado sa Ontario upang tumulong sa mga serbisyo kabilang ang impormasyon sa pag-travely at visa at pag-aalok ng tulong sa panahon ng mga emerhensiya o kapag ang kanilang mga mamamayan ay nangangailangan ng suporta. Alamin kung paano hanapin angtanggapan ng konsulado ng iyong bansa kung kailangan mong kontakin ang mga opisyal o kinatawan ng iyong bansa habang ikaw ay nananatili.

Migrant Worker Support Program

Pinopondohan ng Economic and Social Development Canada ang mga proyekto upang matulungan ang mga IAW na makakuha ng impormasyon, serbisyo, at suporta. Kabilang sa mga programang pinondohan sa ilalim ng Migrant Worker Support Program ang:

- Ang Polycultural Immigrant at Community Services ay nagpapatakbo ng mga serbisyo ng suporta sa Toronto Pearson International Airport, kabilang ang suporta sa wika sa English, French, Spanish, Hindi, Mandarin, Ukrainian at Russian. Sinusuportahan ng Polycultural ang mga manggagawang dumarating sa Ontario sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa oryentasyon, mga kagamitang pang-edukasyon, at mga referral sa mga organisasyon ng komunidad upang makatanggap ng mga direktang serbisyo.
- The Neighbourhood Organization's (TNO) layunin ay lumikha ng mga komunidad na mapagkakatiwalaan upang mapabuti ang kaligtasan, kagalingan, at integrasyon ng mga manggagawa at pahintulutan silang makaramdam ng pagiging kabilang. Ang TNO ay nakikipagtulungan sa Polycultural upang magbigay ng mga information packages sa mga darating na IAW. Maaari mong kontakin ang TNO sa pamamagitan ng kanilang mga opisina sa Toronto, Simcoe at Oshawa.
- Workforce Windsor Essex nakakarating sa mga manggagawa sa pamamagitan ng mga events, information sharing, mga educational materials at iba pang mga support services. Nakatuon sa mga lugar ng Windsor-Essex-Chatham-Kent-Sarnia-Lambton, pinauunlad ng Workforce Windsor Essex ang kaalaman at kakayahan ng mga community organizations' na magbigay ng mga resources at serbisyo sa mga IAW.

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa isang lokal na international agri-food worker support service organization:

Windsor-Essex Region

- Migrant Worker Community Program ay nag-uugnay sa mga IAW sa mga serbisyo sa komunidad at nag-aalok ng interpretasyon at translation support.
- Ang TeaMWork at Workforce WindsorEssex ay nagbibigay ng impormasyon at mga resources upang matulungan ang mga IAW na ma-access ang mga serbisyo at suporta sa rehiyon.
- Ang Windsor Essex Local Immigration Partnership ay nagdisenyo ng isang interactive na mapa ng mga serbisyo at amenity sa Windsor Essex, kabilang ang mga serbisyo ng gobyerno, mga bagong dating na serbisyo, pagsasanay sa wika, mga serbisyo sa pabahay at higit pa.

Brant-Haldimand-Norfolk Region

- Ang Grand River Community Health Centre ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pag-access sa healthcare, community programs, at outreach.

- Ang Community Legal Clinic - Brant, Haldimand, Norfolk ay maaaring magbigay ng legal na tulong at mga koneksyon sa iba pang mga grupo ng suporta sa rehiyon para sa mga IAW.

Niagara Region

- Bridges Niagara Nagaalok ng impormasyon at mga programa para sa mga IAW sa rehiyon ng Niagara at maaari ring tumulong sa interpretasyon.
- Quest Community Health Centre ay nagbibigay ng access sa mga healthcare services at koneksyon sa mga community supports.

Sa buong Ontario

- Ang Migrant Worker Health Project ay lumikha ng listahan ng mga organisasyong aktibo na sumusuporta sa iba't ibang rehiyon at komunidad sa buong Ontario.
- Makakatulong sa iyo ang tool sa paghahanap ng serbisyo ng Settlement.org mahanap ang mga serbisyo ng komunidad sa iyong lungsod o lugar.
- Maghanap ng address, postal code o pangalan ng lungsod sa virtual na tool ng 211central upang makahanap ng mga serbisyo ng komunidad at pamahalaan sa Greater Toronto Area.
- Ang pagkonekta sa webpage ng Newcomer at Refugee Support ng Ottawa ay nangangalap ng impormasyon sa mga social services at mga support organizations sa Ottawa.

Legal aid

Legal Aid Ontario

- family law
- refugee and immigration law
- criminal law
- mental health law

Sinusuportahan din nila ang 72 independiyenteng mga legal clinics sa buong Ontario na nagbibigay ng legal advice at impormasyon o representasyon. Tumawag sa 1-800-668-8258 upang makahanap ng legal na klinika sa inyong lugar.

Makakahanap ka rin ng mga serbisyong legal sa komunidad at isang legal clinic na malapit sa iyo gamit ang postal code at virtual tool ng Steps to Justice.